PANUTO: Basahing mabuti ang pahayag sa bawat bilang at tukuyin ang pinakawastong sagot.

1. Ito ay tumutukoy sa malalim na damdamin at personal na karanasan ng isang indibidwal na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa kanyang kasarian nang siya ay ipinanganak.

   a. Oryentasyong Sekswal
   b. Pagpapahayag ng Kasarian
   c. Kasarian sa pagkakapanganak
   **d. Pagkakakilanlang Pangkasarian**

2. Ang *condoms*, *injectables*, at *oral pills* ay mga halimbawa ng anong uri ng kontrasepsyon?

   *a. Natural Contraceptives*
   ***b. Artificial Contraceptives***
   *c. Permanent Contraceptives*
   *d. Inorganic Contraceptives*

3. Ito ang sapilitang pagtanggal sa *fetus* sa sinapupunan ng isang babae na nagdudulot ng pagtatapos ng pagbubuntis.

   a. Diborsyo
   **b. Aborsyon**
   c. Prostitusyon
   d. Kontrasepsyon

4. Ano ang ibig sabihin ng **VAWC**?

   *a. Violence Among Welfare of Children*
   *b. Violence Against Women and Children*
   ***c. Violence Against Women and their Children***
   *d. Violent Against Women and their Children*

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusad ang nagsasaad ng TAMANG pahayag tungkol sa *Sex* at *Gender*?

   a. Ang *Sex* ay itinatakda ng kung anong makikita sa pagitan ng dalawang hita ng isang indibidwal habang ang *Gender* naman ay ang nasa isip at kamalayan nito.
   b. Ang *Sex* ay ang parte ng katawan ng isang indibidwal na nagtatakda ng kanyang kasarian habang ang *Gender* naman ay kung paano ipinakikita at ipinahahayag ng isang indibidwal ang kanyang sarili batay sa kanyang kasarian.
   **c. Ang *Sex* ay tumutukoy sa pisiyolohikal at biyolohikal na katangian ng isang tao nang siya ay ipinanganak habang ang *Gender* naman ay ang mga katangian, kilos, at gawi na inaasahan ng lipunan sa isang indibidwal.**
   d. Ang *Sex* ay ang damdaming nararamdaman ng isang tao na nakabatay sa kanyang kasarian nang siya ay ipanganak habang ang *Gender* naman ay ang personal na karanasan na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa kasarian ng indibidwal nang siya ay ipanganak.

6. Alin sa sumusunod na pahayag ang pinakaangkop na tumutukoy sa ***Reproductive Health Law***?

a. Layunin ng RH Law na pigilan ang mabilis na pagtaas ng populasyon sa Pilipinas.
b. Ang RH Law ay naglalayong masigurong maayos ang kalagayan ng isang babaeng nagbubuntis.
c. Ang layunin ng RH Law ay maiwasan ang pagbubuntis ng mga kabataan at mapigilan ang pagdami ng kaso ng *Teenage Pregnancy*.
**d. Ang RH Law ay naglalayong masiguro ng pamahalaan na nakakamit ng mga mamamayan ang iba't ibang paraan ng *contraception, family planning, sex education,* at *maternal care*.**

7. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pahayag tungkol sa Diborsyo?

**a. Ito ay ang pagwawakas ng bisa ng kasal sa pagitan ng mag-asawa sa ilalim ng batas ng bansa.**
b. Ang diborsyo ay ginagawa rin sa simbahan kung saan isinagawa ang pagkakasal.
c. Ang diborsyo ay isang paraan upang takas an ang responsibilidad ng mag-asawa sa kanilang mga anak.
d. Ang diborsyo ay isang malaking isyu sa mga bansang Kristiyano at konserbatibo.

8. Bilang isang kabataan, anong makabuluhang bagay ang iyong magagawa upang makatulong sa paglutas ng suliraning panlipunan tulad ng prostitusyon?

a. Simulan sa sarili ang pagiging responsable upang hindi humantong sa mga trabahong ganito balang araw.
b. Mag-aral nang Mabuti at making sa klase lalo kung ang pinag-uusapan ay tungkol sa mga isyung panlipunan tulad nito.
**c. Makiisa sa panawagan sa gobyerno na lumikha ng mga programa at trabahong may disenteng sahod upang hindi na pasukin ng mga tao ang ganitong Gawain.**
d. Mag-*share* sa *social media* ng mga larawan at bidyo na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga *sex worker* at sa gawaing ito upang mas maraming kabataan ang makakita at makaalam tungkol dito.

9. Si Joy ay nakararanas ng pambubulas sa kanilang paaralan. Pinaskil sa *social media* ang kanyang larawan na mayroong *edit* ng kanyang kamag-aral para magmukha siyang katawa-tawa. Anong uri ng pang-aabuso ang nararanasan ni Joy?

a. Pisikal na Pang-aabuso
**b. Digital na Pang-aabuso**
c. Sekswal na Pang-aabuso
d. Emosyonal at Mental na Pang-aabuso

10. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na paliwanag kung bakit mahalaga ang RH Law sa bansang tulad ng Pilipinas?

a. Sapagkat susi ito upang pabagalin ang mabilis na pagtaas ng populasyon sa Pilipinas.
b. Sapagkat mapipigilan nito ang dumaraming kaso ng *teenage pregnancy* na Pilipinas.
c. Dahil malaking suliranin sa bansa ang teenage pregnancy na nakaapekto sa paglago ng ekonomiya ng bansa.
**d. Dahil mabibigyan nito ng tamang edukasyon o tinatawag na "*informed choice*"ang mga tao tungkol sa maayos na pagpaplano ng kanilang pamilya at maiiwasan ang kahirapan.**

11. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng malalim na ugat ng pagkakaroon ng prostitusyon sa bansa?

a. Madaling kumita ng pera
b. Mas mabilis na makaahon sa hirap
**c. Pananamantala at kultura ng pang-aabuso**
d. Madaling Negosyo sapagkat hindi na kailangan ng maraming gamit upang pasukin ito.

12. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng maliit na *gender gap* sa pagitan ng babae at lalaki?

**a. Si Jenny ay malayang pagpahayag ng kanyang opinyon at pagpupuna sa pamahalaan.**
b. Maliit ang tyansa na matanggap si Josie sa pagiging konduktor ng bus dahil siya ay isang babae.
c. Sa pagbibigay ng ayuda, pinauuna sa pila ang mga kalalakihan bago ang lahat ng kababaihan.
d. Mas Malaki ng 50 pesos ang sahod ni Jay kaysa kay Gina kahit pareho lamang ang dami at bigat ng kanilang trabaho dahil ito ay lalaki.

13. Sa iyong palagay, ano ang pinakalayunin ng paggamit ng *contraceptives*?

**a. Mapigilan ang hindi gusto at inaasahang pagbubuntis.**
b. Magkaroon ng maayos na *family planning* ang bawat mag-asawa.
c. Magkaroon ang bansang Pilipinas ng mas malawak na kaisipan tungkol sa *sex* at contraceptives.
d. Hinihikayat ang mga kabataan na makipagtalik nang ligtas sa pamamagitan ng paggamit ng condoms at iba pa.

14. Ang SOGIE Equality Bill ay patuloy pa rin na nagiging malaking isyu kaya naman hindi pa rin itong tuluyang naipapasa sa kamara. Patunay lamang na ang Pilipinas ay:

a. Isang konserbatibong bansa.
b. Hindi naipatutupad ang tunay na prinsipyo ng "*Separation of church and state.*"
c. Sarado ang pag-iisip sa mga usapin tungkol sa LGBTQIA+ community sa bansa.

**d. Hindi pa handang bigyan ng lubusang pagkilala at pagtanggap nang buo ang LGBTQIA+ community sa ating lipunan.**

15. Ang Republic Act 7610 o *Anti-child Abuse* ay isang komprehensibong batas na naglalayong protektahan at pangalagaan ang mga kabataan laban sa anumang uri at anyo ng pang-aabuso sa lipunan. Patunay lamang ito na ang pamahalaan ay:

a. May dedikasyon na protektahan ang mga kabataan sa bansa.
b. Aktibo sa pagsupo sa mga taong gumagawa ng pang-aabuso sa mga kabataan sa anumang uri at anyo nito.
c. Mahigpit na isinasaalang-alang ang kapakanan ng mga kabataan sa bansa upang sila ay lumaking may maayos at ligtas na kapaligiran malayo sa sakita at kapahamakan.
**d. Lahat ng nabanggit.**

Susi sa pagwawasto:

1. D
2. B
3. B
4. C
5. C
6. D
7. A
8. C
9. B
10. D
11. C
12. A
13. A
14. D
15. D

GOOGE FORM LINK:

https://forms.gle/qCExwaCc77hEXPBA7